



PAG-USAPAN ANG TUNGKOL SA KALIGTASAN SA SUNOG

Ang mga taong nasa edad 70 pataas ay apat o limang beses na mas malamang na mamatay dahil sa sunog kumpara sa iba. Sa pamamagitan ng ilang simpleng hakbang, mababawasan mo ang panganib ng sunog para sa matatandang mahal mo. Mag-usap tungkol sa kaligtasan sa sunog, tukuyin ang mga pinagmumulan ng sunog sa kanilang bahay at talakayin ang magagawa mo upang mapababa ang panganib ng sunog.

Habang pinag-uusapan ang tungkol sa kaligtasan sa sunog, dapat ninyong talakayin ang

- Paghahanda ng pagkain at kaligtasan sa sunog sa kusina
- Ligtas na paggamit ng mga dekuryenteng kasangkapan
- Mga alarm at ruta para sa pagtakas
- Paano patayin ang sunog
- Mga kandila at paninigarilyo

Kung isa kang kaibigan o kamag-anak, ginawa namin ang checklist na ito ng mga pinakamahalagang hakbang upang mapigilan ang sunog.

Bilang isang kaibigan o kamag-anak, makakatulong ka sa pamamagitan ng

- Paglalagay ng stove guard
- Paglilinis sa filter sa extractor fan sa itaas ng stove
- Pagtiyak na gumagana ang alarm para sa usok at kung maririnig ito sa buong bahay
- Pagtingin kung may fire extinguisher, at kung magagamit ito ng residente
- Pagtiyak na matututunan ng residente ang mga gawi sa paninigarilyo na ligtas sa sunog
- Pagtingin kung ang mga kurtina, tela, pahayagan at furniture ay malayo sa mga dekuryenteng wall heater
- Pag-alis sa mga chandelier, mapanganib na ilaw pandekorasyon at hindi matibay na candlestick

Maaari kang magbasa nang higit pa tungkol sa kaligtasan sa sunog para sa matatanda sa **sikkerhverdag.no**



Ang pag-uusap tungkol sa kaligtasan sa sunog ay bahagi ng 'Alt vi kan mot brann (Pagtutulungan - laban sa sunog)', isang proyekto sa pagpigil sa sunog at pakikipag-ugnayan tungkol sa sunog na isasagawa hanggang 2020. Ang proyekto ay inorganisa ng National Coordination Group for Fire Communication made up of DSB, Norwegian Association of Fire Officers, Norwegian Association of Chimney Sweeps (Feiermesternes landsforening), Norwegian Fire Information Forum (Branninformasjonsforum), Local Electrical Safety Inspection Authorities (DLE), Register of Competent Companies (Sakkyndigeselskap), NELFO, Finance Norway at ng Norwegian Fire Protection Association. Pinangungunahan ng DSB ang pangkat. Ang mga lokal na departamento laban sa sunog, serbisyo sa paglilinis ng tsiminea at awtoridad na namamahala sa kuryente sa buong bansa ay responsable sa pagpapatakbo ng proyekto sa lugar.

Bantayan ang kalan

Sa ngayon, ang kalan ang pinakamadalas na sanhi ng mga sunog sa bahay. Madaling makalimutan ang isang kawali sa kalan, o makatulog habang may niluluto. Pag-usapan kung gaano kahalagang huwag iwanan ang mga kasirola habang nagluluto.

Subukang tukuyin ang mga sitwasyon na maglalagay sa iyo sa panganib. Maaari ka bang magmungkahi ng anumang alternatibo sa paggamit ng kalan? Tingnan din kung may nakalagay nang stove guard. Awtomatikong pinapatay ng stove guard ang kalan kung maging masyadong mainit ang anuman sa mga ring. Pinipigilan nitong matuyuan o mag-overheat ang mga kawali, at pinipigilan din nito ang iba pang mga mapanganib na sitwasyon na magdudulot ng sunog.

Maaring mabilis masunog ang mga glove para sa oven, towel para sa tsaa, pahayagan, at iba pang mga bagay na malapit sa kalan, at mabilis na kakalat ang mga apoy na ito. Ang mga apoy na umaabot sa mamantikang extractor fan ay mas mabilis kumalat. Pag-usapan ang tungkol sa pagpapanatiling malinis at maayos ng lugar sa paligid ng kalan.

Makakahanap ka ba ng iba pang mga solusyon sa pag-imbak bilang alternatibo sa paggamit ng kalan bilang imbak? Magandang ideya para sa pamilya at mga kaibigan na maghalinghinan sa pagsusuri sa extractor fan at paglilinis nito kung kinakailangan.

Suriin ang mga dekuryenteng kasangkapan

Nangungunang pinanggagalingan ng sunog ang kalan, ngunit maaari ding magdulot ng sunog ang iba pang mga dekuryenteng kasangkapan kung hindi magamit nang maayos ang mga ito. Alamin kung ligtas na gumagamit ng mga electric heater at iba pang mga dekuryenteng kasangkapan ang residente. Ang mga electric wall heater at electric radiator na nakatakip o hinahayaang maalikabukan ay madaling masunog.

Ang mga kasangkapan na gumagamit ng maraming kuryente (higit sa 1 kW) ay hindi dapat isaksak sa mga extension. Maaaring ma-overload ang mga extension, na nagiging sanhi upang mag-init ang mga ito at maaari itong magresulta sa sunog.

Pakinggan ang alarm para sa usok

Kapag maagang nabigyan ng babala, mas malaki ang tsansang makalabas kaagad. Tingnan kung may mga alarm para sa usok ang bahay, at kung gumagana ang mga ito. Magsagawa ng pagsusuri upang matiyak na naririnig ng residente ang alarm para sa usok – kahit mula sa kwarto. Tandaang subukan ang alarma para sa usok nang isang beses sa isang buwan, at palitan ang baterya isang beses isang taon.

Pag-usapan din kung paano makakalabas sa bahay kung tumunog ang alarm para sa usok. Magandang ideya na magsagawa ng fire drill – magiging handa kung magsasanay, lalo na sa mga sitwasyon na pang-emergency.

Mabubuhat ba ng residente ang fire extinguisher?

Ano ang dapat nilang gawin kung makakakita ng sunog? Kapag pinagplanuhan at pinag-usapan ito, mas madaling malalabanan kapag nangyari ito. Tingnan kung may fire extinguisher ang bahay, at kung magagamit ito ng residente. May extinguisher dapat ang bawat bahay tulad ng domestic fire hose o fire extinguisher. Kung masyadong mabigat ang fire extinguisher, pag-isipang magbigay ng karagdagan device gaya ng fire blanket o aerosol fire extinguisher. Ngunit tandaan na ang pinakamahalaga ay makalabas sila.

Iwasan ang mga naglalagablab na apoy

Maraming chandelier at dekorasyong para sa mga kandila, ngunit maaaring magdulot ang mga ito ng maliliit na sunog. Pag-usapan ang tungkol sa panganib ng mga kandila, lalo na kapag isinama sa iba pang mga materyal na madaling masunog. Maraming alternatibo sa kandila na ligtas sa sunog, gaya ng mga ilaw na pinapagana ng baterya.

Mag-ingat sa mga may sinding sigarilyo

Ang mga may sinding sigarilyo ay madalas na pinagmumulan ng sunog. Kung may kilala kang matandang naninigarilyo, tanungin sa kanila kung paano at kung kailan sila naninigarilyo kapag nasa bahay sila. Maaari silang magsagawa ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib ng sunog. Halimbawa, malaki ang kaibahan ng panganib sa paninigarilyo sa labas at paninigarilyo sa kama. Makakatulong din ang fire blanket upang mabawasan ang panganib ng mga sunog na dulot ng mga sigarilyo.